# I

Sa halos isang linggong pagmamatyag, pag-alam sa bawat kilos sa isang kriminal na binigyan ng code na K4, buo na ang pasya ni Maureen: kailangang tapusin na niya ang ginagawang pagtugis at pagbibigay-hustisya sa mahal nitong pamilya.

*Hindi ako ang lumikha sa aking sarili—sa namumuong galit sa aking dibdib, sa hangarin kong makapaghiganti, sila ang nagtanim sa akin ng pagkamuhi, ng labis na poot. Kaya babalikan ko sila, ibabalik ko ang kirot at hapdi na ipinagkaloob nila sa akin!* tiim-bagang pahayag ni Maureen sa sarili.

Sinimulan niyang paandarin ang kanyang itim na *Toyota Vios*. Nakahulma na sa isip niya

ang bawat hakbang na gagawin, ang bawat maliliit at malalaking detalye ng plano.

Sa simula ay banayad lamang ang pagmamaneho ng babae, matapos makalabas sa malaki, mabigat at bakal na main gate ng Sandoval Mansion na nasa tuktok ng burol sa isang lalawigang karatig ng Maynila.

Ang sumunod, animo bumubulusok na pababa ang kotse—matulin, tiyak ang bawat pagkabig ng manibela, halatang bihasa sa pagmamaneho si Maureen ng kanyang sasakyan.

Ang huling target, ang motor rider na si Clemente Bandola, 33 years old, ay nasa karating lang na lalawigan.

At gaya ng nakaplano, maghihintay si Maureen malapit sa isang gasoline station, dahil sa lugar na iyon madalas magpagasolina si Bandola at matapos na magpalagay ng gas, dadaan ito sa comfort room, iiwan ang helmet sa upuan ng motor. Ang pagkakataong iyon ang hinihintay ni Maureen, ang iwanan ng lalaki ang helmet nito.

At ganoon nga ang nangyari, matapos na mailagay ni Maureen ang kemikal sa loob ng helmet ng lalaki, pinaandar niya ang sasakyan, at makalipas ang ilang minuto, huminto siya sa tabi ng daan, nakaabang sa side mirror upang makita ang motor ni Bandola.

Hindi nagtagal, suot ang helmet, nilampasan ng motor ang nakaparadang sasakyan ni

Maureen, agad niyang inabante ang kotse at sinundan ang motor ng lalaki.

Hindi nga naglipat-minuto, nakita ni Maureen na tumabi ang motor at bumagsak ang lalaki. Pinaarangkada ni Maureen kotse, itinapat ito sa motor ng lalaki.

Mabilis na bumaba si Maureen, tiyak ang bawat hakbang na gagawin. Kaagad niyang naisakay ang nahihilong lalaki sa hulihang bahagi ng kotse. Hanggang sa tuluyan itong mawalan ng malay habang nakahiga sa backseat.

Kaagad niyang pinaharurot ang sasakyan.

Mabilis na naglakbay ang kotse mula sa national highway. Ilang sandali lamang, binabagtas na ng sasakyan ang paakyat na bahagi ng terrain.

Sa laboratory table sa basement ng mansyon nagkamalay si Bandola. Nagulat ang lalaki nang mapansing hubo't hubad itong nakahiga at nakagapos sa ibabaw ng malamig na tiles.

"Sino ka? Saan ako naroroon?" tanong ng lalaki.

Inilabas ni Maureen ang jungle bolo na ginamit ni Bandola upang i-massacre ang asawa at dalawang anak ng babae. Tinanggal niya iyon sa lalagyan.

"Ang bilis mo namang makalimot. Nasa lugar ka kung saan ginamit mo ang sandatang ito sa walang kalaban-labang mga nilalang, sa

mga anak kong bubot at malambot pa ang mga buto at walang awa mo silang pinagpira-piraso! Ang tulad mong demonyo, hindi dapat bigyan ng karapatang mabuhay sa mundo! Hindi ka tao, isa kang hayop! Hayop! Nanlilisik ang mga mata ni Maureen.

Anyong uundayan na niya ng taga ang lalaki nang sumigaw ito.

“No, nagkakamali ka! Hindi lang ako, apat kami,” nangangatal ang boses na pakiusap at pagtatapat ng lalaki.

“Alam kong apat kayo. Hindi mo ba nabalitaan, trending ’yon sa social media? Ang hiwa-hiwalay ang tila puzzle pieces na mga bahagi ng katawan ng mga lalaki? Sila ang mga kasamahan mo. Ang mahirap, nauna na sila sa iyo,” patuloy na pahayag niya; may poot at paghihimagsik.

Lumapit si Maureen sa kinalalagyan ng monitor ng CCTV at binuksan iyon. Kitang-kita ng lalaki ang sarili sa monitor, kung paano nito pinatay ang pamilya ni Maureen.

“Siguro naman, amanos na tayo, bayad-utang.” Kasunod niyon ang malakas na taga sa leeg ng lalaki. Bumuhos ang animo bukal ng dugo sa loob ng laboratory. Sinundan pa ito ng mga talsik ng dugo mula sa mga taga upang magkahiwa-hiwalay ang mga bahagi ng katawan ng lalaki.

May kasanayan si Maureen kaya pulido ang

bawat pagtaga. Kabisado niya ang bawat tama ng matalas na jungle bolo.

Makalipas ang ilan pang minuto, maayos nang nailagay ni Maureen ang bawat piraso at bahagi ng katawan ng lalaki sa cadaver storage, laan para sa mga bangkay na sadyang binibili ng doktora para sa patuloy na pag-aaral ng Medisina. Upang magpakadalubhasa.

Hindi tulad ng mga naunang biktima ng paghihiganti ni Maureen, walang anumang lumabas na balita tungkol kay Bandola. Kailangan niya ang mga labi ng taong ito, hindi lamang para sa kanyang pag-aaral.

May mahahalagang tao siyang pinaghahandaan para sa katawan ni Bandola. Kaya naman, bago mailagay sa storage sa malamig na lalagyan, kailangan muna itong maging malinis. Tulad ng karne ng baka, baboy o manok kaya, kailangang alisin ang dugong nakakapit sa balat at laman, maging ang mga lamang-loob, linising mabuti bago ilagay sa freezer, upang manatiling sariwa at tumagal sa pagkakaimbak.

# 2

Malaki ang offer na suweldo kay Dianne, kaya tinanggap niya ang trabaho sa isang malayong lalawigan. Malaking tulong sa kanyang mga magulang ang two months na advance salary mula kay Dra. Sandoval. Sa pamamagitan ng online interview kay Dianne, nalaman niya sa kanyang magiging amo kung ano ang mga dapat niyang gampanan sa loob ng tahanan ng mga Sandoval.

Caretaker.

"Basta, anak, kung anuman ang problema mo, tumawag ka agad sa amin," bilin ni Aling Fe, ina ni Dianne.

Kinabukasan, inihatid nina Aling Fe at Mang Mando ang anak sa terminal ng bus

na sasakyan ni Dianne paluwas ng Maynila. Ibinigay na ni Dra. Sandoval ang detalye kung paano makakarating ang dalaga sa lugar kung saan siya susunduin ng magiging amo. Halos isang araw at magdamag na biyahe ang ginugol ni Dianne bago makarating sa Maynila.

Bihasa na sa lungsod si Dianne dahil dati na siyang nagtrabaho sa isang fast food chain, at nang magka-COVID, napilitan siyang bumalik sa kanilang lalawigan at namuhay kasama ang mga magulang at apat na kapatid.

Panganay sa magkakapatid si Dianne at nakapagtapos naman siya ng senior high school sa kanilang bayan. Minabuti niyang magtrabaho na lamang upang makatulong sa pamilya. Sa edad na 23, mas nanaig kay Dianne ang kagustuhang maiahon ang kanyang pamilya sa kahirapan at matulungan ang mga nakababatang kapatid sa pag-aaral ng mga ito.

Nang makababa ng bus, humanap ng mauupuan sa loob ng terminal si Dianne, upang hintayin si Dra. Sandoval. Ayon sa mensahe nito, malapit na ito sa bus station.

Ilang sandali pa nga…

“Dianne Cruz?” anang lumapit na babae.

Hindi siya maaaring magkamali. Ang lumapit sa kanya ay si Dra. Sandoval na makailang ulit na rin niyang nakita sa *Zoom* meeting nila at interview.

“Good morning po, Ma’am,” nakangiting bati niya.

“Halika na, nasa parking ang kotse na sasakyan natin,” magiliw ring balik ng ginang.

Nakasunod si Dianne kay Dra. Sandoval. Maaaring nasa mid-fifties na ang babae; sa kilos at tindigan, masasabing may mataas na pinag-aralan ito at mataas ang kalagayan sa buhay.

Nakaupo si Dianne sa hulihang bahagi ng itim na kotse ni Dra. Sandoval, na ang bagong amo mismo ang nagmamaneho.

At habang nagbibiyahe sila, nagbigay pa ng ilang detalye si Dra. Sandoval tungkol sa magiging trabaho ni Dianne.

“Pasensya na, hija, bawal ang social media sa tahanan namin, kaya kung hindi mo ikagagalit, maari bang sa akin muna ang cellphone mo? Gusto ko kasi na habang nasa loob ka ng tahanan namin, naka-focus ang isip mo sa mga bagay na ibibilin ko sa ’yo,” paliwanag ni Dra. Sandoval.

“Ah, okay po,” walang anumang inabot ni Dianne ang gadget sa bagong amo.

“Twelve years old ang panganay namin, si Dino, habang ten naman si Siara. Ang asawa kong si Simon, lagi siyang nasa silid namin. May karamdaman sila, ang mag-aama ko kaya hindi sila ang aasikasuhin mo. Maselan kasi ang karamdaman ng pamilya ko, kaya ako

lamang ang puwedeng pumasok sa kanilang mga silid. Ako rin ang naghahanda ng kanilang mga pangangailangan, tanging paglilinis lamang ng bahay ang gagawin mo habang wala ako. Sa oras na umalis ako, naibigay ko na sa kanila ang kanilang mga pangangailangan para sa buong maghapon. Inuulit ko, maselan ang karamdaman ng pamilya ko kaya dapat mong sundin ang mga tagubilin at paalala ko," paliwanag ni Dra. Sandoval kay Dianne.

Sa isang lalawigan sa labas ng Kamaynilaan ang tinahak ng kotseng kanilang sinasakyan. At makalipas pa ang isang oras, binaybay na ng kotse ang kalsadang papasok sa isang masukal na bahagi. Paakyat at papalayo sa national road. Makalipas pa ang ilang minuto, isang malaking gate na bakal ang tumambad sa unahan ng kotse, bumukas ang gate nang mabasa ng sensor ang plate number ng kotse ni Dra. Sandoval.

Nang makapasok ang kotse, kusang sumara rin ang gate.

Isang malakas na sigaw ang narinig mula sa isang lalaki habang kinakalampag ang gate mula sa labas.

"Dra. Sandoval, ilabas ninyo ang nanay ko, ilabas ninyo siya!" sigaw ng lalaki na nagpupuyos sa galit.

Bago tuluyang pumasok ang kotse sa

garahe, bumaba si Dra. Sandoval. Bumalik ito sa gate kung saan naroroon ang lalaki.

"Dra. Sandoval, parang awa na ninyo na! Ilabas na ninyo ang nanay ko!" naluluhang pakiusap ng lalaki.

"Hindi ba nag-usap na tayo sa presinto? Naka-report sa blotter ng pulis na umalis nang walang paalam ang nanay mo. Wala akong ilalabas na nanay mo, hijo, dahil wala siya rito sa loob ng bakuran ko, kaya mabuti pa, umalis ka na bago pa 'ko tumawag ng pulis!" galit na balik ni Dra. Sandoval.

Sa loob ng kotse, hindi naririnig ni Dianne kung ano ang pinag-uusapan ni Dra. Sandoval at ng lalaki.

Nang makabalik si Dra. Sandoval sa loob ng kotse, muli nitong pinaandar ang kotse papasok ng garahe na kusa ring bumukas at muling sumara nang makapasok sila.

Napansin niyang malayo sila sa mga kapitbahay.

"Halika na, Dianne. Mula ngayon, ikaw ang makakasama namin dito sa aming tahanan," magiliw pa ring sabi ng ginang.

Bumungad kay Dianne ang malawak na sala ng malaking bahay. Isang antigong bahay na tanging sa mga pelikula at mga vlogs lamang niya nakikita. Nakakalula rin ang mamahaling kasangkapan sa loob.

"Kaya ipinagbabawal ko ang social media sa bahay namin, ibig ko kasing manatiling sagrado ang bahay na minana ko pa sa mga magulang ko. Sumunod ka sa akin, ituturo ko sa 'yo ang magiging silid mo. Siya nga pala, kapag wala ako, hindi ka maaring umakyat sa ikalawang palapag ng bahay. Nasa itaas kasi ang mga silid ng pamilya ko, at gaya ng sinabi ko, may maselan silang karamdaman," muling paliwanag ni Dra. Sandoval.

Marami pang ibang paalala si Dra. Sandoval kay Dianne.

"Huwag na huwag kang lalapit sa gate at makikipag-usap sa mga tao na hindi mo naman kakilala. Sa dami ng masasamang tao ngayon, hindi tayo nakatitiyak sa ating mga makikilala at makakausap," dagdag pang paalala ng kanyang bagong amo.

"Ang pagkain lamang nating dalawa ang ihahanda mo, at mga gamit ko rin lang ang lalabhan at lilinisin mo," anito.

Sinamahan ng babae si Dianne sa magiging silid niya.

"Sa oras na matapos mo na ang mga gawain, maaari ka nang magpahinga. Kompleto ang lock ng pinto. Dapat bago ka matulog, siguraduhin mong naka-lock ang kuwarto mo. May CR at shower room sa loob, hindi ka na kailangan pang lumabas sa oras na naikandado mo na ang

pinto," patuloy na pagbibigay ng detalye ni Dra. Sandoval.

Naghapunan sila at pagkatapos ay muli itong nagbilin.

"Maaari ka nang magpahinga, alam kong pagod ka sa biyahe. At siyanga pala, nakikita mo ba ang tatlong malalaking kandila na nasa altar? Kapag nauna kang gumising sa umaga, bago mag-alas seis, kailangang patayin mo ang sindi ng mga kandila. At kapag alas seis na ng gabi at na-late akong dumating, kailangang sindihan mo ang mga kandila," huling habilin ni Dra. Sandoval bago ito tuluyang umakyat sa ikalawang palapag ng magarang mansyon.

Dahil sa matinding pagod sa haba ng biyahe, maagang nakatulog si Dianne. Hindi na niya pinagtuunan pa ng pansin ang maraming bagay na naglalaro sa kanyang isip. At anumang takot ang nais na mangibabaw sa kanya dahil sa kung anong kilabot na nadarama niya sa lumang mansyon, iniisip na lamang niya na kailangan niyang maghanap-buhay para sa kanyang pamilya.

Nang hatinggabi, nagising si Dianne sa mga ingay na waring may naghahabulang maliliit na mga yabag sa itaas ng bahay. Dinig na dinig rin niya ang mumunting halakhak mula sa dalawang paslit na waring nagkukulitan. Alam niya, ang mga naglalarong bata ay ang dalawang

anak ni Dra. Sandoval. Matapos ang hagikhikan ng dalawang bata, pumailanlang ang tugtugin mula sa isang piano. Waring nanunuot sa tainga ni Dianne ang bawat tiklado ng piano at lalo siyang nahintakutan. Akala niya, sa mga horror movies lamang niya maririnig ang ganoong klase ng timbre ng piano. Hanggang sa tuluyang lukubin ng antok ang dalaga.

Umaga na nang magising si Dianne. Nagulantang siya sa malakas na tunog ng malaking lumang orasan na nakatayo sa isang bahagi ng malawak na sala ng lumang mansyon. Ilang minuto na lamang at alas seis na ng umaga. Kaagad na tinungo ng dalaga ang malalaking kandila sa harap ng altar at isa-isang pinatay ang sindi ng mga iyon, gaya ng tagubilin ng bagong amo.

Noon lamang niya napansin na hindi larawan ng mga santo ang nakalagay sa altar, kundi larawan ng isang guwapo at matikas na lalaki na nakasuot ng ternong itim, at dalawang bata. Sa isip ni Dianne, nahulaan niyang iyon marahil ang asawa ni Dra. Sandoval, at ang dalawang anak nito. At ang dalawang bata sa larawan ay siya ring mga tinig at yabag na narinig niya nang nakaraang gabi, na tila masayang naghahabulan sa ikalawang palapag.

Nakahanda na ang almusal nang bumaba si Dra. Sandoval.

“Halika na, sabay na tayong mag-almusal,” anyaya nito na tila nakasuot na ng pang-alis.”

“Siyanga pala, madalas na pasado alas ocho na ng gabi ako dumarating. Tandaan mo ang mga bilin ko sa ’yo,” muling sabi ni Dra. Sandoval.

“Pag alas seis po ng gabi, dapat sindihan ang mga kandila,” magalang na tugon ng dalaga.

“Isang beses lang sa isang buwan ako kung pumunta ng supermarket. Kaya dapat anuman ang mga pansarili mong pangangailangan, dapat mabili mo, pati na rin ang pangangailangan natin dito sa bahay. Bukas, isasama kita sa supermarket,” muling paliwanag ni Dra. Sandoval.

Nang makaalis ang amo, sinimulang linisin ni Dianne ang komedor at sala. Kapag napapagawi siya sa paanan ng malaking hagdanang paakyat ng bahay, napapatingala ang dalaga sa ikalawang palapag ng bahay.

Tahimik sa itaas, ni wala siyang naririnig na mga yabag o kaya ay boses ng dalawang batang naglalaro, ni hindi man lamang niya masilayan ang mga taong kasama niya sa loob ng malaking bahay.

Sa loob ng maghapon, nagawang linisin ni Dianne ang sala at malawak na komedor ng bahay, nalinisan din niya ang mga naglalakihang sofa at antigong mga cabinets na naka-display

sa kabuuan ng sala, maging ang malalaking frames ng mga larawan ng matatandang tao, babae at lalaki na waring nakamasid sa bawat kilos niya sa loob ng mansyon.

"Tibayan mo ang loob mo, Dianne, sayang ang malaking suweldo. Wala kang maipadadala sa mga magulang mo kapag nagpadala ka sa takot," aniya sa sarili.

Matapos na madiligan ang mga halaman sa terrace ng mansyon, pati na rin ang iba't ibang namumulaklak na mga halaman sa harapan ng mansyon, biglang tumunog ang malaking orasan sa loob ng bahay.

"Orasyon na. Kailangan ko nang sindihan ang mga kandila," aniya at agad na pumasok ng mansyon.

Matapos na masindihan ang mga kandila, nakadama siya ng pagod at naupo sa malaking sofa malapit sa malaking hagdanan.

Biglang ginulantang si Dianne na malalakas na yabag ng naghahabulang bata sa itaas ng bahay. Narinig niya ang tila pigil na hagikhik ng isang batang babae at isang batang lalaki.

Tiningala ni Dianne ang ikalawang palapag ng bahay, sa pag-aakalang masisilayan man lang niya ang dalawang batang naglalaro.

Subalit biglang kinilabutan si Dianne nang makita niya ang isang lalaking nakatayo sa itaas ng mahabang hagdan. Nakasuot ito ng ternong

itim, nakatitig lamang sa kanya.

Bahagyang kinawayan ni Dianne ang lalaki. Alam niya, ang nasabing lalaki ay ang asawa ni Dra. Sandoval. Ang lalaking ito ang nasa larawan sa altar ng bahay.

Nang muli niyang tingnan ang lalaki sa itaas ng hagdanan, wala na ito sa kinatatayuan nito.

Bumilis ang bugso ng dibdib ni Dianne. Lumayo siya sa hagdanan at tinungo ang komedor upang maghanda ng kanilang hapunan ni Dra. Sandoval.

Hindi na lamang sinabi ng dalaga ang nakita niyang lalaki nang kumustahin ni Dra. Sandoval ang maghapon niya.

Nang makapanhik ang amo sa itaas ng mansyon, pumasok na rin ng kanyang silid si Dianne.

At dahil sa maghapong paglilinis ng malaking bahay, nakadama ng pagod ang dalaga, hindi na lamang niya gaanong pinansin ang maliliit na yabag at pigil na hagikhik ng dalawang bata sa itaas ng bahay.

Iniwan na lamang niyang nakasindi ang lampshade sa dakong ulunan ng kama. Mabilis siyang dinalaw ng antok.

Hindi batid ni Dianne kung ilang oras siya nakatulog, basta biglang napamulagat ang kanyang mga mata na wari ba'y may mga pares ng mata na nakamasid kanina pa habang siya

ay naiidlip.

Dinig niya ang marahang paggalaw ng door knob sa kanyang silid.

Bumangon siya upang sinuhin ang lumapit sa kanyang pinto; naisip niya na baka nagising si Dra. Sandoval at may kailangan ito sa kanya.

“Dra. Sandoval?” mahinang tawag ni Dianne.

Tuluyang binuksan ng dalaga ang pinto ng kanyang silid.

May anino ng tao na mabilis na papalayo mula sa pintuan ng kanyang silid.

“Dra. Sandoval? May kailangan po ba kayo?” untag niya at sinundan ang tinungo ng anino, patungo ito sa komedor. Malamlam lamang ang liwanag sa loob ng bahay, sinundan niya ang anino na pumasok sa isang silid na nasa loob kusina.

Lumapit siya sa pinto, bahagyang kinatok ang dahon ng pinto.

“Dra. Sandoval, kayo po ba ’yan?”

Marahang itinulak ni Dianne ang pinto at sumilip ang loob.

Mula sa kaunting liwanag na pumapasok sa loob ng silid, nabanaag ni Dianne ang anino ng isang lalaki. Bumaling ito sa kinatatayuan niya at kitang-kita niya ang animo halimaw na anyo nito: mahahaba ang pangil, matatalas ang kuko, habang hawak nito ang isang braso ng tao at hayok na nilalantakan ang sariwang laman

niyon. Dumadaloy ang masaganang dugo mula roon kaya duguan din ang mukha ng halimaw. Nang mapansing nakatingin siya, inihagis ng halimaw ang kinakain nitong braso ng tao at bumagsak iyon malapit sa kinatatayuan ni Dianne.

Napasigaw nang malakas ang dalaga. Labis na nahintakutan.

Biglang dinukwang siya ng halimaw at hinawakan siya, gamit ang kamay na may matutulis na kuko at mabalahibong braso.

Anyong sasagpangin ng halimaw ang leeg ni Dianne, kaya nagsikap siyang makakawala sa mahigpit na pagkakahawak nito sa kanya.

"Hayop ka, bitawan mo ako! Halimaw ka!"

Mga katok sa pintuan ng silid ni Dianne ang gumising sa kanya nang umagang iyon. Inakala ng dalaga na totoo ang nangyayari sa kanya, pero isa lamang pala iyong kahindik-hindik na panaginip.

Nang buksan niya ang silid, si Dra. Sandoval ang ikinuwadro ng pintuan.

"Pasensya na po kayo, Madam, medyo napasarap po ang tulog ko. Napagod po kasi ako sa maghapong paglilinis nitong mansyon," pahayag ni Dianne.

"Don't worry, Saturday naman ngayon. At gaya nga ng sinabi ko sa 'yo, bababa tayo sa bayan at mamimili tayo ng mga pangangailangan

natin dito sa bahay," imporma ni Dra. Sandoval.

"Sige po, maghahanda lamang po ako," tugon ng dalaga.

"Nakapaghanda na rin ako ng almusal natin, kumain ka na at tapos na ako. Aayusin ko lang ang mag-aama ko. Pagbaba ko, aalis na tayo," pagtatapos nito.

Mabait naman si Dra. Sandoval. Wala siyang nakikitang anumang dapat niya katakutan sa kanyang amo. Siguro dahil sa mga napapanood niyang vlogs sa internet kaya siya kinikilabutan, bukod pa sa antigong mansyon na wari ba ay tahanan ng isang bampira.

Napangiti na lamang si Dianne. Alam niya, dahil sa kaiisip niya ng kung anu-anong katatakutan kaya kahit sa panaginip, ginugulo siya ng nararamdamang kaba.

Sa probinsyang kanyang pinanggalingan, gamit ng mga magulang ang mga kuwento tungkol sa sigbin upang takutin ang mga bata at para hindi gumala nang gabi. Naniniwala ang kanilang mga kababaryo sa mga nilalang na nasa ibang dimensyon. Iyon ang mga nilalang na tulad ng engkanto, maligno, iba't ibang uri ng aswang at iba pang kahalintulad ng mga ito. Kasamahan daw ng mga tao ang ganitong uri ng mga nilalang na naninirahan sa daigdig. Subalit sa ngayon, sa pagiging moderno na ng panahon, at social media, nagiging trending pa rin ang

mga vlog na may kaugnayan sa ganitong uri ng nilikha.

Dangan nga lang, hawak ni Dra. Sandoval ang kanyang cellphone, kaya nawala na siya sa mundo ng social media. Maaari naman daw niyang gamitin ang landline kung tatawagan niya ang kanyang mga magulang. Kahit nga television ay wala sa loob ng malaking antigong mansyon. Gabi lamang niya naririnig ang tunog ng piano sa itaas ng bahay, maging ang mga yabag ng dalawang batang naglalaro.

Sa bakuran ng mansyon, maraming nagmamatyag na CCTV cameras. Secured ang paligid at mahirap pasukin dahil sa makakapal at matataas na pader.

# 3

Habang pababa sila ng bayan, doon lamang napansin ni Dianne na malayo nga pala ang mga kabahayan mula sa mansyon. Halos isang oras na silang nagbibiyahe, pero wala pa siyang nakikitang bahay, ang nagtataasang puno na nasa tigkabila ng kalsada ang kanyang nakikita. Nang dumako na sila sa national highway, doon lamang siya nakakita ng mga taong naglalakad. Tinted ang kotse ni Dra. Sandoval, kaya hindi sila nakikita ng mga taong nagdaraan. Ilang oras pa ang lumipas nang ipasok ni Mrs.Sandoval ang kotse sa parking lot ng isang supermarket.

“Kailangang bilhin na natin ang lahat ng ating kakailanganin para sa isang buwan.

Malayo ang bayan sa lugar natin, kaya dapat lahat ng mga personal mong pangangailangan, mabili na natin," paalala ni Dra. Sandoval kay Dianne.

Sa tulong ng boy sa supermarket, maayos na naisakay ang mga pinamili nina Dra. Sandoval at Dianne.

Anyong paaandarin na ni Dra. Sandoval ang sasakyan nang humarang sa daraanan nito ang isang lalaki. Iyon din ang lalaking nakita niya kahapon sa gate pagdating na pagdating niya sa mansyon.

Muling bumaba si Dra. Sandoval at isinara ang kotse, nakikita ni Dianne na waring galit na galit ang amo sa lalaki, habang nakikiusap naman ang huli. Hindi nauulinigan ni Dianne ang nilalaman ng pag-uusap ng amo at ng lalaki.

Lumapit ang dalawang security guard ng supermarket at pilit na inilalayo ang lalaki. Lumulan si Dra. Sandoval sa sasakyan at agad iyong pinaharurot.

Nang makalayo ang kotseng kanilang sinasakyan, malakas ang bugso ng hininga ni Dra. Sandoval; nasa mukha nito ang labis na pagkainis sa nangyari.

"Siyanga pala, Dianne, kapag nakita mo sa may gate ng mansyon ang lalaking 'yon, huwag na huwag kang lalapit sa kanya," paalala ng kanyang amo.

"Opo, Madam, tatandaan ko po," magalang

na tugon ni Dianne.

"Siyanga pala, ibigay mo sa akin ang address ninyo sa probinsya, kasama na ang tunay na pangalan ng magulang mo at pati na rin ang contact numbers nila. Ako na lamang ang magpapadala sa kanila. Sa oras na maipadala ko ang kailangan nilang pera, saka mo sila tawagan sa telepono. Sabihin mo na maari na nilang kunin ang pera," muling paliwanag ng amo.

"Wala pa naman po akong isang buwan sa inyo, nakakahiya naman po," balik niya.

"Di ba nga ang s'abi ko, bihira tayong bumaba ng bayan? Mas mabuting padalhan mo sila ng pera para sa pangangailangan nila," muling paliwanag ni Dra. Sandoval.

Hindi na lamang nagsalita si Dianne; idinako niya ang paningin sa dinaraanan ng kotse.

Naisip niya, mabuting tao ang kanyang amo kaya wala siyang dahilan upang matakot, bukod pa sa hindi naman gaanong mahirap ang kanyang trabaho. Hindi tulad noong nasa food chain siya, halos buong duty hours niya ay nakatayo. Bawal maupo.

Mabilis na dumaan ang mga araw, nakailang-ulit na rin silang bumaba at mamili sa supermarket. Halos kinasanayan na niya ang routine ng kanyang buhay sa loob ng

mansyon, kinasanayan na rin niyang marinig ang hagigkgikan ng dalawang anak ni Dra. Sandoval sa itaas ng mansyon. Ang kaiba nga lamang, ni hindi pa niya nakikita ang dalawang bata. Maaaring ang nakita niyang nasa itaas ng hagdanan noon ay ang asawa ni Dra. Sandoval na waring isang dayuhan ang anyo.

Nalaman din niya mula sa amo na isa itong doktor at espesyalista sa mga sakit sa puso at nagtatrabaho sa isang malaking pribadong ospital sa lalawigan. Habang naglilinis siya sa paligid ng bakuran, dinig niya ang mga huni ng ibon at nalilibang siya sa iba't ibang bulaklak at mga paru-paru at bubuyog na nagpapalipat-lipat sa mga alaga niyang mga bulaklak.

"Hello, Inay, nakuha na po ba ninyo ang pinadalang pera ng amo ko?" tanong ni Dianne sa ina na nasa kabilang linya.

"'Buti, anak, napatawag ka. Nag-aalala na kami. S'abi kasi ng mga kapatid mo, offline ka lagi sa *Facebook*," ayon kay Aling Fe.

"'Nay, bawal po ang social media dito sa mansyon, si Dra. Sandoval po ang nagtatago ng phone ko. Mabuti nga po, pinagagamit niya sa akin ang landline dito sa malaking bahay," pagtatapat ni Dianne.

"Kumusta ka naman diyan? Ayos ka lang ba? Mabait ba ang mga amo mo?" balik na tanong ni Aling Fe.

"Opo, medyo maayos naman po ang lagay

ko dito. Mabait po si Dra. Sandoval," sagot niya.

Ikinuwento ng dalaga ang mga ginagawa niya sa mansyon, pati na rin kung ano ang mga dapat niyang gawin sa oras na maiwan siya sa mansyon kasama ng asawa nito at dalawang anak.

"Ano? Ibig sabihin, hindi mo pa nakikita ang asawa at dalawang anak ng amo mo? Kasama mo sila sa mansyon, pero hindi mo sila nakikita?" gulat na tanong ng ina.

"Bawal po, may sakit daw po ang asawa at mga anak niya, hindi daw maaaring lapitan dahil sa kakaibang karamdaman. Doctor nga po pala si Dra. Sandoval. Malayo rin po kami sa bayan, parang nasa gitna po kami ng kakahuyan; hindi ko nga po natatanaw ang labas ng bakuran dahil sa matataas na pader. Mga huni lamang po ng malalaking ibon ang naririnig ko, lalo na kapag papalubog na ang araw. Kapag gan'on, dapat ko nang sindihan ang mga kandila," patuloy ni Dianne.

"Bakit, wala ba kayong kuryente diyan?"

"Meron po. Pero tatlong kandila po ang araw-araw kung sinisindihan. Nasa altar po 'yon, altar na wala namang imahe ng mga santo, tanging mga larawan lang ng asawa at dalawa niyang anak ang nasa altar," kuwento pa ni Dianne sa ina.

"Hindi ka ba natatakot diyan?"

"Noong una, natatakot po ako. Kaso mabait

naman si Dra. Sandoval at nasanay na rin ako sa ginagawa ko. Alam ko naman na kasama ko ang kanyang dalawang anak at asawa dahil naririnig ko sila sa itaas ng bahay," patuloy niya.

"Naririnig mo nga, kaso hindi mo nakikita. Baka mamaya mga multo pala 'yang kasama mo diyan sa mansyon?"

Napatawa siya. "Inay talaga, hindi na uso ang multo ngayon. Ang mahalaga may trabaho ako at makakapagpadala ako ng pera sa inyo, at maipagpapatuloy na ng mga kapatid ko ang pag-aaral nila."

Habang nagwawalis si Dianne sa bakuran, napagawi siya malapit sa pader. May kung anong napansin ang dalaga na mga kalat, tila isang bagay na nakabalot sa papel. Dinampot ni Dianne ang papel, doon niya napansin na bato ang nakabalot sa papel.

Napatingala sa mataas na pader ang dalaga, naisip niya na sa kabilang bahagi ng pader nanggaling ang mga bato. Napansin niyang may nakasulat sa papel na ipinambalot. Binuklat niya iyon at sinikap na basahin ang nakasulat.

*"KUNG SINO KA MAN, UMALIS KA NA SA BAHAY NA 'YAN. NANGANGANIB ANG BUHAY MO."*

Ilang nakabalot na bato pa ang pinulot ni Dianne. Pare-pareho ang nakasulat doon.

Bumilis ang pagsasal ng dibdib ni Dianne, nanindig ang kanyang mga balahibo dala ng takot na nadarama dahil sa nakasulat sa papel. Pinulot niya ang mga papel na nakakalat at itinago sa kanyang bulsa.

“Mukhang mahusay kang mag-alaga ng mga halaman, masipag mamulaklak ngayon ang mga orchids ko,” boses ni Dra. Sandoval.

Gulat na humarap si Dianne sa kanyang amo. Hindi niya naitago ang pagkabigla.

“O, bakit parang nakakita ka ng multo?” nakangiting tanong ng ginang.

“Ha? Pasensya na po, Madam. Nagulat lang ako.” Nasa mukha niya ang kanyang sinasabi.

“Ano nga pala, hija, gagabihin ako bukas. Dadalo kasi ako ng medical conference sa Maynila. Matapos mong masindihan ang mga kandila, maaga kang matulog. Gaya ng sinabi ko, anuman ang marinig mo, naglalaro lamang ang mga anak ko kaya hayaan mo lang. Ikandado mo ang silid mo at anumang katok, huwag na huwag mong bubuksan ang pinto. Hayaan mo lang, mapapagod din sila. Sa oras na mapagod sila, matutulog na rin sila,” bilin ng kanyang amo.

Sinunod ng dalaga ang utos ng ginang. Maaga pa lamang, nakapagluto na siya ng kanyang hapunan. At bago dumating ang alas seis ng gabi, nakapagligpit na siya at matapos sindihan ang mga kandila, mabilis siyang

pumasok ng kanyang silid.

Ikinandado niyang mabuti ang pinto.

Pinatay ang ilaw ng silid at ang iniwan lamang na liwanag ay iyong nanggagaling sa lampshade malapit sa headboard ng kama.

Nagsimula na namang marinig ni Dianne ang maliliit na yabag sa itaas ng bahay, mga impit na hagikgik ng nagkukulitang magkapatid. Muling bumalik ang kaba sa dibdib ng dalaga. Akala niya, nawala na ang takot niya sa malaking mansyon, ngunit muli iyong nanumbalik dahil sa nakasulat sa mga papel na napulot niya malapit sa mataas na pader.

Nawala sa pandinig niya ang maliliit na yabag ng dalawang paslit. Pigil ang hininga niya na waring sinisikap na marinig kung ano ang nangyayari sa itaas ng mansyon. Hindi maliliit na yabag ang kanyang narinig, kundi, lagatok ng sapatos mula sa sahig sa itaas ng mansyon. Sinundan ni Dianne ang mga tunog ng sapatos sa itaas. Pakiramdam niya, mismong nasa itaas lamang ng kisame ng kanyang silid ang lagatok.

Pigil ang hininga, kasabay ng mabilis na pagsikdo ng dibdib, muling narinig niya ang lagatok ng sapatos, tila naglakad-lakad ang may-ari ng sapatos sa kabuuan ng itaas ng mansyon.

Hanggang sa marinig ni Dianne ang lagatok ng piston ng sapatos sa bawat hakbang ng hagdanan. Pababa ang tunog ng sapatos,

pababa sa sala ng mansyon. Lalong binalot ng kilabot ang pagkatao ng dalaga, alam niyang may kasama siya sa loob ng malaking bahay, subalit ang mahirap ay ni hindi niya nakikita ang dalawang anak ng amo at ang asawa nito.

Hanggang sa tuluyang makababa ng malaking hagdanan ang tunog ng sapatos. Patuloy ang mga hakbang na naririnig ni Dianne, Tapos, narinig niya na tila papalapit ang mga hakbang sa labas ng pinto ng kanyang silid. Nang huminto ang tunog ng sapatos sa kabila ng pinto ng silid, pigil ang hininga ni Dianne, umusal siya ng panalangin.

"Panginoon, Kayo na po ang bahala sa akin. Iligtas po Ninyo ako sa anumang kapahamakan," nangangatal na bulong ni Dianne.

Nawala ang lagatok ng sapatos, napalitan ito ng maliliit na tunog ng paghakbang sa hagdanan ng mansyon. Mariing ipinikit na lamang ng dalaga ang mga mata, alam niyang bumaba na rin ng bahay ang dalawang bata at naghahabulan ang mga ito sa malawak na sala.

Habang nakapikit at nakatalukbong ng kumot, narinig niyang may gumagalaw sa doorknob ng kanyang silid. Gaya ng ibinilin ni Dra. Sandoval, anuman ang mangyari, hinding-hindi siya lalabas ng silid.

Patuloy ang pag-usal ng panalangin ni Dianne, habang nakapikit pa rin ang mga mata; hinihintay na lamang niya kung ano pa ang mga

susunod na mangyayari, o kung malalagutan na lamang ba siya ng hininga dahil sa matinding takot.

Napalitan ng tunog ng kotse sa labas ng mansyon ang narinig ni Dianne. Alam niya, dumating na ang amo niyang babae.

“Honey, hindi ba s’abi ko naman sa ’yo, huwag kang bababa ng sala? Doon lamang kayo manatili sa ikalawang palapag ng bahay. Delikado sa inyong tatlo, baka lalo pang lumala ang sakit ninyo.” Boses ni Dra. Sandoval na nasa loob na pala ng mansyon.

Narinig ni Dianne ang maliliit na yabag paakyat sa malaking hagdanan ng mansyon, yabag ng mga anak ng kanyang amo.

Kasunod niyon ang mga yabag nina Dra. Sandoval at ng asawa nito.

Noon lamang nakahinga nang maluwag si Dianne, nang matiyak na dumating na nga si Dra. Sandoval. Inalis ng dalaga ang pagkakatalukbong ng kumot, dama niya ang malamig na pawis na bumalot sa buo niyang katawan.

Nang matahimik na sa itaas ng mansyon, bumangon si Dianne at binuksan ang ilaw, dahan-dahang lumapit sa pinto, inalis ang kandado at binuksan. Maliwanag sa labas ng kanyang silid, tinungo niya ang komedor at kumuha ng malamig na tubig sa refrigerator. Dalawang basong tubig ang nainom ng dalaga,

labis ang pagkauhaw sa takot na nadama sa mga pangyayari bago dumating ang babaeng amo.

Nang bumalik sa pagkakahiga si Dianne, naisip niya, siya lamang ba ang gumagawa ng mga bagay na kinatatakutan niya? Bakit kailangang matakot siya sa mga tunog na naririnig niya? At sino ang naghagis ng sulat sa papel na nagbibigay-abala? Alam niya, ang babalang nakasulat sa mga papel ay para sa kanya.

# 4

Isang buwan na naman ang mabilis na lumipas. Bababa muli sila sa siyudad upang mamili ng kanilang mga pangangailangan.

"Kumusta naman ang pamilya mo, nakakausap mo ba sila?"

"Opo, Madam. Mabuti naman daw po ang kalagayan nila, nagpapasalamat nga po pala sila dahil naging mabuti at mabait kayong amo sa akin," sagot ni Dianne.

"Basta't sundin mo lahat ng inuutos ko sa 'yo. Malaki ang tiwala ko sa 'yo, kaya sana maging tapat ka rin sa akin," pakiusap ni Dra. Sandoval. "May mga pagkakataong nakakababa ng mansyon ang mga anak ko, pati na rin ang mister ko, kaya sa oras na pumasok ka ng

silid, huwag na huwag kang lalabas hangga't wala ako. Ayaw kong mahawa ka sa kanilang karamdaman. Madali silang ma-infection, dahil sa kanilang kakaibang sakit," malungkot na pahayag ng babae.

"Hindi po ba, doktor kayo? Hindi n'yo po ba sila kayang gamutin?" balik-tanong ni Dianne.

Hindi nagsalita si Dra. Sandoval, nakatingin lamang ito sa unahang bahagi ng kalsada habang nagmamaneho ng kotse.

"Pasensya na po, Madam, nagiging palatanong po ako," nahihiyang sambit ni Dianne.

"Okay lang. Wala pang natutuklasang gamot na makapagpapagaling sa mag-aama ko, subalit hindi ako tumitigil ng pananaliksik upang tuklasin ang gamot na magpapagaling sa kanila," paliwanag ng doktor.

Hindi na nagtanong pa ang dalaga, dama niya ang labis na lungkot ng amo dahil sa kalagayan ng mga mahal nito sa buhay.

Nang makapasok sila ng supermarket, nagpaalam si Dianne sa amo.

"Madam, gagamit lamang po ako ng comfort room," paalam ng dalaga.

"Sige, 'andito lamang ako. Kumuha ka na rin ng mga kailangan mo," tugon ng amo.

Nagtanong si Dianne sa isang isang sales lady kung nasaan ang CR, itinuro naman ito sa kanya.

Bago siya tuluyang makapasok doon, isang lalaki ang lumapit sa kanya.

"Miss, huwag kang matakot sa akin. Kaibigan ako, mabuti akong tao," ayon sa lalaki.

Maaaring nasa edad 25 ito, katamtaman ang pangangatawan at taas nito. Pamilyar ito sa kanya dahil lagi niya itong nakikita sa gate ng bahay ng amo. At palagi rin sila nitong nilalapitan kapag naroon sila sa supermarket.

"Ako si Zione. Anak ako ng dating katulong ni Dra. Sandoval. Halos tatlong buwan nang nawawala ang mother ko kaya madalas akong nasa kabila ng mataas na pader ng mansyon, nagbabaka-sakali na makakita man lamang ng senyales na maaaring makapagturo kung ano ang nangyari sa nanay ko. Ayon kay Dra. Sandoval, tumalon ang nanay ko sa mula sa kotse habang pababa ng bayan, nahulog sa bangin at di na nakita. Ayon sa report ng mga pulis, maaaring inatake ang nanay ko ng mga mababangis na hayop sa kagubatan. Hindi ako naniniwala; alam kong may masamang nangyari sa nanay ko sa loob ng mansyon. Kaya nakikiusap ako, tulungan mo ako. Maaari ko bang makuha ang cellphone number mo para magkaroon tayo ng communication? Please tulungan mo 'ko, ikaw na lamang ang tanging pag-asa ng pamilya ko upang malaman kung ano ang totoong nangyari sa nanay ko," mahabang paliwanag ng lalaki.

Umiling si Dianne. "No, wala akong

cellphone, bawal ang cellphone sa loob ng mansyon. Saka hindi kita kilala," tugon niya.

"Zione. Ako si Zione Monteverde, anak ako ni Aling Juliana, dating kasambahay nina Dra. Sandoval. Please, Miss, ikaw na lang ang tanging pag-asa namin." Nasa boses ng lalaki ang pakiusap. "Eto, itago mo ang cellphone ko. Naka-off 'yan, tatawag ako sa'yo sa oras na alam kong wala sa mansyon si Dra. Sandoval. Please, Miss, tulungan mo naman kami please," patuloy na pakiusap ng lalaki.

Tinanggap ni Dianne ang telepono mula sa lalaki, kasama na ang charger nito.

"Salamat. Hintayin mo ang tawag ko. Itago mo itong mabuti, i-mute mo ang sound para hindi marinig ni Dra. Sandoval. Alam kong may natatagong lihim sa loob ng mansyon."

Tuluyang pumasok ng CR si Dianne nang matanawang papalapit si Dra. Sandoval sa kanyang kinaroroonan. Si Zione naman ay mabilis ding pumasok sa CR ng lalaki.

Sa loob ng banyo, sinikap ni Dianne na itago ang cellphone na ibinigay ng bagong kakilala. Nang lumabas siya mula sa comfort room, nakatayo na sa may pintuan si Dra. Sandoval.

"Pasensya na, Madam, medyo nasuka ako. Nahilo yata ako sa biyahe," paliwanag ni Dianne.

"Sige, ikukuha rin kita ng gamot, nahihilo ka pala sa biyahe. Kumuha ka na rin ng mga kailangan mo," utos nito.

"Opo, Madam," magalang na sagot ng dalaga.

"Nasa counter lamang ako," paalam ng amo.

Matapos mailagay sa kahon ang mga ipinamili, isinakay ng baggage boy ang mga pinamili nina Dra. Sandoval at Dianne.

Hindi na hinarang pa ng lalaki ang kotse ng amo ni Dianne, di gaya dati na halos tuwing mamimili sila sa supermarket ay inaabangan sila nito.

Pagkauwi, naghanap si Dianne ng mapagtataguan ng cellphone na ibinigay sa kanya ni Zione. Binuksan niya ang isang lumang cabinet na nasa loob ng kanyang silid. Mga lumang damit at papel ang nasa loob niyon. Sa pagitan ng mga lumang papel, isiniksik ni Dianne ang cellphone. Ngunit isang lumang notebook ang nahulog.

Pinulot ng dalaga ang notebook, nang buklatin niya iyon, nalaman niyang diary iyon na pagmamay-ari ng kung sinong 'Stella M.'

*January 2, 2000*

*Hindi na naman ako pinatulog ng mga yabag sa itaas—yabag ng dalawang paslit, lagatok ng sapatos ng isang mabigat na lalaki. Hindi ko na makakaya pang manatili sa bahay na ito, mamamatay ako sa nerbyos..."*

*~ Stella M.*

*March 13, 2000*

*Habang wala si Doctor Sandoval, sinuway ko ang utos niya, umakyat ako ng malaking hagdan upang tuklasin kung kaninong mga yabag ang madalas kong marinig tuwing gabi sa itaas ng mansyon. Nangingilabot ako sa maaari kong matuklasan.*

*~ Stella M.*

*Stella M.? Sino siya? At ano ang kanyang natuklasan sa itaas ng mansyon?* Naglalaro sa isipan ni Dianne. *Ano ang natuklasan niya sa itaas ng mansyon?*

Natitiyak niyang ang may-ari ng diary na nabasa niya ay dating kasambahay din ni Dra. Sandoval.

*Nasaan naman kaya ang ina ni Zione? Si Aling Juliana? Ibig sabihin lamang nito, marami nang naging kasambahay ang amo ko? Nawala ba silang lahat?*

Nang matanawan ni Dianne na tuluyan nang nakalabas ang kotse ni Dra. Sandoval at kusang sumara na ang malaking gate, inilabas niya ang cellphone at ini-on iyon. Makalipas ang ilang minuto, nag-vibrate ang aparato.

Sinagot ni Dianne ang tawag.

“Hello, Miss. Si Zione ito, ’yong nagbigay sa ’yo ng cellphone. Nakita kong lumabas na ang kotse ng amo mo, kaya tumawag ako,” bungad ng tumawag. “Maaari ko bang malaman ang pangalan ng kausap ko?”

“Dianne, Dianne Cruz,” sagot ng dalaga.

“Dianne, salamat. Nasa labas lamang ako ng mataas na pader ng mansyon, halos isang buwan na akong nagmamasid sa paligid. Alam kong may kinalaman si Mrs.Sandoval sa pagkawala ng nanay ko. Hindi ko alam kung paano makakapasok—mataas ang pader at alam kong may live wire pa sa itaas niyon. Sa pamamagitan ng cellphone ni Dra. Sandoval, alam kung namo-monitor niya kung ano’ng nangyayari sa loob ng mansion. Kaya mag-ingat ka, tiyakin mong walang CCTV sa loob ng silid mo,” bilin ni Zione.

Iginala ni Dianne ang paningin sa loob ng kanyang silid, tiniyak kung mayroon bang CCTV doon. Wala naman siyang nakita na hidden camera sa loob ng kanyang silid. Alam niyang ang mga CCTVs ay nasa sala ng bahay, sa terrace, sa loob ng malawak na bakuran, at maging sa kitchen at dining room.

“Para makasiguro tayo, sa loob ng comfort room ka pumasok. Alam kong nagda-drive pa si Dra. Sandoval kaya hindi niya makikita na may hawak kang cellphone,” ayon kay Zione.

Agad na itinago ni Dianne ang gadget at

pumasok sa shower room.

"Okay, ganito, gagawa ako ng paraan upang makapasok sa loob ng bakuran ng mansyon, pero habang hindi pa ako nakakaisip ng paraan, sa cellphone muna tayo mag-uusap," dagdag pa ni Zione.

"May nakuha akong lumang diary, Stella M., ang nakasulat na may-ari. Nakasulat doon kung ano'ng naranasan niya sa loob ng mansyon. Maaaring naging kasambahay rin siya rito; kung ano ang naranasan niya noon sa loob ng mansyon, ganoon din ang nararanasan ko ngayon," kuwento niya.

"Mag-ingat ka. Titiyakin kong wala sa loob ng mansyon si Dra. Sandoval kapag tatawag ako sa 'yo. Nasubukan mo na bang umakyat sa ikalawang palapag ng mansyon? Minsan, naikuwento ni Nanay na ipinagbabawal sa kanya na umakyat ng ikalawang palapag ng malaking bahay," patuloy ni Zione.

"Hindi. Ayaw kong sumuway sa utos ni Madam, baka magalit siya sa akin. Mabait naman si Dra. Sandoval kaya imposible na may kinalaman siya sa pagkawala ng nanay mo," balik ng dalaga.

"Magaling magkubli ang mga halimaw, Dianne, kaya dapat maging alerto ka, mapagmatyag, at dapat mong alamin kung ano'ng itinatago ng doktora sa itaas ng mansyon," pagtatapos ni Zione.

Itinago ni Dianne ang cellphone sa kanyang tuwalya sa loob ng shower room.

Habang naglilinis ng sala, walang anumang yabag siyang naririnig mula sa itaas ng malaking bahay. Parang lalong na-develop ang curiosity ng dalaga upang alamin kung ano ba ang lihim na nasa ikalawang palapag ng malaking bahay na kanyang pinagtatrabahuan.

Pakiramdam ni Dianne, nagkaroon siya ng kakampi na nasa labas lamang ng bakuran ng mansyon, bagama't hindi pa niya gaanong nakikilala ang lalaki.

Ano ang totoong nangyari kay Aling Juliana? At sino si Stella M.?

Lalong dumami ang mga katanungan sa isip ni Dianne. Sa halos tatlong buwan mula nang maging kasambahay siya sa mansyon, waring kinasanayan na rin niya na marinig ang mga yabag at impit na pagtawa ng dalawang batang anak ng kanyang amo, maging ang mabigat na yabag ni Mr. Sandoval tuwing gabi. At alam niya na gabi lamang kung maglaro ang mga bata at maglakad-lakad si Mr. Sandoval. Bagaman nawiwirduhan, inisip na lang ni Dianne na normal sa mga may karamdaman sa itaas ng bahay ang mga ikinikilos ng mga ito.

Gayunpaman, gusto niyang tulungan si Zione na alamin kung ano ba talaga ang nangyari sa ina nito.

Isang araw, habang naglilinis ng sala si

Dianne, tumunghay ang dalaga sa malaking hagdanan. Maraming hakbang ang kailangang gawin upang tuluyang makaakyat sa ikalawang palapag, hagdanan iyon na gawa sa matigas na kahoy na maaaring dalawampung baitang bago makarating sa puno ng hagdanan.

Sinubukang umakyat ni Dianne, ngunit nakakailang hakbang pa lamang siya nang marinig niya ang boses ni Dra. Sandoval sa speaker ng CCTV.

“Dianne, hija, hindi ba’t s’abi ko, huwag na huwag kang aakyat ng ikalawang palapag ng mansyon?”

“Sorry po. Nakita ko po kasing maalikabok ang hagdan, gusto ko sanang linisin,” sagot niya.

“Hija, ako na lamang ang maglilinis ng hagdan pag-uwi ko,” ayon sa kanyang amo.

Napatunayan ni Dianne na tama ang sinasabi ni Zione, alam ni Dra. Sandoval kung ano ang nangyayari sa loob ng mansyon nito kahit pa nasa malayo ito.

“Sige po, Madam, bababa na po ako,” magalang na tugon ng dalaga.

“Salamat, Dianne, hija,” balik ng ginang.

Kahit luma na ang mansyon, pinakabitan ito ni Dra. Sandoval ng state-of-the-art electronic connections. Kaya namo-monitor ng doktor kung ano ang nangyayari sa loob ng mansyon.

Samantala, sa labas ng mansyon, matamang

pinag-iisipan ni Zione kung paano makakapasok sa loob ng bakuran ng malaking bahay.

*Kailangang ma-cut ko ang daloy ng kuryente sa loob ng mansyon, saka lamang ako makakapasok sa loob gamit ang mahabang hagdan patawid ng pader, at sa oras na makapasok ako sa loob, sapat ang isang oras upang makakuha ako ng impormasyon tungkol sa pagkawala ng Nanay bago makabalik ng mansyon si Dra. Sandoval. Kailangang maitakas ko rin si Dianne sa lugar na iyon, dahil kung hindi, manganganib ang buhay niya*, ang nabuong plano sa isip ni Zione.

Nang makapasok si Dianne sa loob ng shower room, agad niyang kinuha ang cellphone sa pinagtataguan.

Agad iyong nag-ring kaya mabilis na sinagot niya.

“Dianne, may ibang paraan para makapasok ako sa loob ng bakuran. Kaya lamang, medyo delikado kung gagawin mo. Kailangang makapasok ako at maitakas ka mula sa lugar na ’yan. Mapanganib na nagtatagal ka diyan! Patuloy akong gumagawa ng imbestigasyon sa pamilya ni Dr. Sandoval. Sa oras na makakuha ako ng matibay na ebidensyang maihaharap ko sa pulis, hihiling ako ng search warrant para malaman kung ano ba talaga ang nangyari sa

nanay ko," mahabang paliwanag ni Zione.

"Paano?"

"Dianne, tanging sa plate number lamang ng kotse ni Doktora bumubukas ng malaking gate sa harapan ng mansyon. Kailangang subukan ko. Ang kailangan ko lang, makakuha ng picture ng plate number ng kotse ni Doktora, at kapag nagawa natin 'yon at nabuksan ang gate, saka ko ika-cut ang daloy ng kuryente sa mansyon. Siguro naman, bago dumating si Doktora ay nakalayo na tayo."

"Hindi ko alam kung paano ko gagawin?"

"Huwag mo munang gawin, kailangang makaisip tayo ng mabuting paraan para makunan mo sa cellphone camera ang plate number ng kotse."

"Bakit hindi mo subukan? Bumababa kami tuwing unang linggo ng buwan sa supermarket. Nasa parking ang kotse ni Dra. Sandoval."

"Oh, nice idea. Sige, ako na lang ang bahala," masayang balik ni Zione. "Bakit nga ba hindi ko naisip 'yon? Try natin ang first step na gagawin natin."